# MANDATORYONG PAUNAWA PARA SA MGA NAKALIGTAS SA SEKSWAL NA PAG-ASULTO*

## MGA SERBISYONG MEDIKAL AT PORENSIKO

Ang mga nakaligtas sa sekswal na pag-asulto ay dapat na humingi ng tulong medikal sa lalong madaling panahon. Maaari kang humiling ng transportasyon papunta sa ospital. Libre ang medikal na porensikong pag-eksamen.

Mga Serbisyong Magagamit

Kung ikaw ay hihiling ng mga medikal na porensikong serbisyo, ang ospital ay dapat mag-alok ng medikal na pag-eksamen, gamutin ang mga pinsala, suriin ang pangangailangan para sa mga gamot, kunan ng larawan ang mga pinsala at ebidensya, at mangolekta ng porensikong ebidensya.

Batay sa kung kailan ka humingi ng tulong medikal, ang ospital ay dapat ding mag-alok ng medikal na porensikong pag-eksamen na maaaring kabilang ang pangongolekta ng ebidensya sa loob ng sumusunod na mga yugto ng panahon:

- Para sa mga pasyenteng wala pang 13 taong gulang, kung naganap o maaaring naganap ang sekswal na pang-aabuso o pag-asulto sa nakalipas na 72 oras
- Para sa mga pasyenteng edad 13 pataas, kung naganap ang sekswal na pang-aabuso o pag-asulto sa nakalipas na 168 oras.

Maaaring pag-usapan ang mga opsyon sa labas ng mga yugto ng panahong ito batay sa iyong kasaysayan at klinikal na pagsusuri.

Pagpapanatili ng Ebidensya

Maaaring hindi ka pa sigurado kung nais mong lumahok sa proseso ng katarungang pangkrimen sa ngayon, ngunit mahalagang malaman na maaaring mawala ang mahahalagang ebidensya kung ikaw ay magpalit ng damit; maligo, mag-shower o mag-douche; gumamit ng palikuran; kumain; manigarilyo; o magsipilyo o magmumog, depende sa katangian ng insidente.

Ang posibilidad ng pagkuha ng ebidensya ay nababawasan habang lumilipas ang panahon.

Anumang ebidensyang nakalap mula sa iyo ay hindi gagamitin upang kasuhan ka sa anumang pagkakasalang may kaugnayan sa paggamit ng alkohol, cannabis, o kontroladong substansya.

Pagtatago ng Ebidensya

Kung may ebidensyang nakalap mula sa iyo ngunit hindi ka sigurado kung papayagan mo ang mga alagad ng batas na suriin ito, ang ebidensya ay itatago sa loob ng 10 taon o, kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, hanggang sa iyong ika-28 kaarawan. Maaari kang pumayag na suriin ang ebidensya anumang oras sa loob ng panahong ito.

**HINDI ka sisingilin para sa anumang serbisyong ibinibigay sa emergency room.** Bukod pa rito, kung ikaw ay kwalipikado, bibigyan ka ng ospital ng voucher para sa 180 araw ng follow-up na pangangalaga.

## IMPORMASYON NG OSPITAL

Ang kalapit na ospital sa ibaba ay nagbibigay ng pang-emerhensiyang medikal at porensikong mga serbisyo para sa mga nakaligtas sa sekswal na pag-asulto:



*Ang pormularyong ito ay dapat ibigay ng tumutugon na ahensya ng alagad ng batas sa oras ng unang pakikipag-ugnayan alinsunod sa 725 ILCS 203/25(a).

Pormularyo A

1/2026

| Pangalan ng Ospital |
|---|
| Adres ng Ospital |

Ang ospital na ito ay may Sexual Assault Nurse Examiner: Oo / Hindi / Di-Tiyak (Bilugan ang Isa)

## CIVIL NO CONTACT ORDERS / ORDERS OF PROTECTION

Ang mga nakaligtas sa sekswal na pag-asulto ay maaaring magpetisyon para sa Civil No Contact Order (CNCO) o Order of Protection (OP) na maaaring mag-utos sa salarin na:

- Lumayo sa iyo at sa mga partikular na lokasyon, tulad ng iyong tirahan, trabaho, at paaralan
- Huwag makipag-ugnayan sa iyo

Ang CNCO o OP ay maaaring makuha sa civil court sa isang lokal na hukuman. Wala kang babayaran para sa paghingi ng order. Bagama't maaari kang kumuha ng CNCO o OP nang mag-isa, pinakamainam na gawin ito sa tulong ng isang advocate o abogado. Kung ang hukuman ay sarado ngunit may huwes na magagamit, maaari mong hilingin sa opisyal na maglaan o mag-ayos ng transportasyon papunta sa huwes.

***Maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng suporta para sa sekswal na pag-asulto <u>nang libre</u>. Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagtataguyod, pagpapayo, tulong sa impormasyon tungkol sa medikal na porensikong pag-eksamen, pag-unawa sa sistema ng katarungang pangkrimen, at pagkuha ng Civil No Contact Order o Order of Protection. Ikaw ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa:***

| Pangalan ng Rape Crisis Center | Numero ng Hotline |
|---|---|
| | |

## TUMUTUGON NA AHENSYA NG ALAGAD NG BATAS

| Pangalan ng Tumutugon na Opisyal | Star/Badge Number |
|---|---|
| Pangalan ng Tumutugon na Ahensya ng Alagad ng Batas | Numero ng Telepono ng Ahensya |
| Numero ng Ulat | Petsa |



*Ang pormularyong ito ay dapat ibigay ng tumutugon na ahensya ng alagad ng batas sa oras ng unang pakikipag-ugnayan alinsunod sa 725 ILCS 203/25(a).

## AHENSYA NG ALAGAD NG BATAS NA MAGTATAPOS SA IMBESTIGASYON

| |
|---|
| Pangalan ng Ahensya ng Alagad ng Batas |
| Adres ng Ahensya ng Alagad ng Batas |
| Numero ng Telepono ng Ahensya ng Alagad ng Batas |



*Ang pormularyong ito ay dapat ibigay ng tumutugon na ahensya ng alagad ng batas sa oras ng unang pakikipag-ugnayan alinsunod sa 725 ILCS 203/25(a).